



BAY AREA
AIR QUALITY
MANAGEMENT
DISTRICT

PAUNAWA PARA SA WORKSHOP

Hulyo 22, 2021

PARA SA: MGA INTERESADONG PARTIDO
MULA SA: TAGAPAGPAGANAP NA OSPISYAL / APCO
PAKSA: **VIRTUAL NA PAMPUBLIKONG WORKSHOP TUNGKOL SA MGA DRAFT NA PAG-AMYENDA SA REGULASYON 2: MGA PERMIT, PANUNTUNAN 1: MGA PANGKALAHATANG KINAKAILANGAN AT PANUNTUNAN 5: PAGSUSURI NG BAGONG PINAGMUMULAN NG MGA NAKAKALASONG NAGKOKONTAMINA SA HANGIN**

PAUNAWA: Ang Air District ay nagsasagawa ng mga hakbang para matiyak na napoprotektahan ang kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan sa Bay Area habang ipinapatupad ang mga kautusan sa pampublikong kalusugan sa San Francisco at sa iba pang county ng Bay Area. Kasama rito ang pagsasara ng aming tanggapan sa 375 Beale Street sa San Francisco hanggang sa susunod na pag-abiso tungkol dito. Para sa higit pang impormasyon, pakibisita ang aming website:

<https://www.baaqmd.gov/news-and-events/page-resources/2020-news/air-district-operations>.

Ang mga tauhan ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District, BAAQMD; Air District) ay magsasagawa ng virtual na pampublikong workshop para magpakita, magtalakay, at tumanggap ng mga komento tungkol sa mga pag-amyenda ng draft sa Regulasyon 2: Mga Permit, Panuntunan 1: Mga Pangkalahatang Kinakailangan (Panuntunan 2-1), at Panuntunan 5: Pagsusuri ng Bagong Pinagmumulan ng Mga Nakakalasang Nagkokontamina sa Hangin (Panuntunan 2-5). Ipe-present ang workshop na ito gamit ang Zoom. Inilalarawan sa ibaba ang impormasyon sa pag-access sa virtual na workshop, at ipapadala ang mga materyal sa workshop sa ibang pagkakataon. Ipo-post ang mga materyal ng workshop sa web page na Mga Amyenda sa Regulasyon 2 ng Air District: <https://www.baaqmd.gov/reg-2-permits>

Martes, Agosto 24, 2021

6:00 p.m. – 8:00 p.m.

Sumali sa pamamagitan ng web browser:

<https://us02web.zoom.us/j/89096015366>

Para sumali sa pamamagitan ng telepono: +1 669 900 6833

Meeting ID: 890 9601 5366

- Para sa pag-interpret ng wika, makipag-ugnayan kay Aneesh Rana sa arana@baaqmd.gov, o sa 415-749-4914 hindi bababa sa 72 oras bago ang workshop.
- Para información en español, llame al 415-749-4609
- 中文聯絡電話 415-749-4609
- Nói Tiếng Việt xin gọi 415-749-4609.

BACKGROUND

Sinusuri ng staff ng Air District ang mga potensyal na pagbabago sa dalawang panuntunan—Mga Panuntunan 2-1 at 2-5—sa ilalim ng mga Regulasyon sa Pagbibigay ng Permit upang mabawasan ang mga emisyon sa kapaligiran at pagkakatantad sa mga nagpaparumi sa hangin ng mga residente ng Bay Area. Gustong makatanggap ng staff ng feedback mula sa publiko tungkol sa mga pag-amyenda sa draft sa Regulasyon sa Pagbibigay ng Permit. Ang Regulasyon sa Pagbibigay ng Permit ay isang koleksyon ng mga panuntunan na naglalaman ng mga kinakailangang dapat sundin ng mga aplikante para magkaroon ng air permit kapag pinaplano nilang mag-install o magbago ng kagamitang maglalabas ng mga pinaghihigpitang nagpaparumi sa hangin sa nakapaligid na hangin.

Dati pa hinihikayat ng mga stakeholder ng komunidad ang Air District na muling suriin ang programa nito sa pagbibigay ng permit para maisaalang-alang ang mga epekto ng pagbibigay ng permit sa mga pinagmumulan ng pagpaparumi sa hangin sa mga komunidad na nakakaranas ng hindi patas na mataas na antas ng pagpaparumi sa hangin, kasama ang iba pang problema sa kapaligiran at kalusugan. Noong Mayo 2021, nagsagawa ang Air District ng virtual na pampublikong workshop para talakayin ang mga potensyal na konsepto para maamyendahan ang mga panuntuna sa pagbibigay ng permit. Tumanggap ang staff ng Air District ng feedback mula sa mga kalahok ng workshop, pati na rin ng mga nakasulat na komento bilang tugon sa mga ipinakitang konsepto, na ginamit ng staff sa paghahanda ng panuntunan sa naamyendahang draft.

Sa paparating na pampublikong workshop sa mga pag-amyenda sa panuntunan ng draft, magbibigay ang staff ng Air District ng pangkalahatang-ideya tungkol sa panregulatoryong nilalaman ng draft, na may layuning pataasin ang pagprotekta sa kalusugan ng mga panuntunan sa pagbibigay ng permit, na nakatuon sa mga bahagi na kasalukuyang nakakaranas ng tumitinding problema sa kapaligiran at kalusugan. Humihingi ang Air District ng feedback tungkol sa naamyendahang nilalaman ng panuntunan sa draft at ulat sa workshop. Ang workshop ay magsisilbing forum para makapagbigay ang mga kalahok sa workshop ng feedback sa mga staff tungkol sa mga tinalakay na paksa.

IMPORMASYON AT MGA KOMENTO

Magiging available ang mga materyal sa workshop bago ang workshop sa: <https://www.baaqmd.gov/reg-2-permits>. Iniimbitahan ang mga interesadong panig na magsumite ng mga nakasulat na komento tungkol sa mga dokumento ng workshop, kasama ang naamyendahang nilalaman ng panuntunan sa draft at ulat sa workshop. Tatanggap ng mga komento sa panahon ng workshop, o puwedeng magsumite ng mga ito sa pamamagitan ng pagsulat sa Air District. Ang takdang petsa ng pagsusumite ng mga komento sa mga materyal na ito ay sa **Miyerkules, Setyembre 1, 2021, sa ganap na 5:00 p.m.** Para sa mga tanong, mangyaring makipag-ugnayan kay Jacob Finkle, Senior Air Quality Specialist, sa jfinkle@baaqmd.gov. Susuriin ng mga staff ang mga natanggap na komento sa oras ng workshop at sa panahon ng pagkokomento. Gagamitin ng staff ang pagsusuri na ito para tulungang pahusayin ang mga pag-amyenda sa draft sa mga panuntunan sa pagbibigay ng permit, nang may layunin na idulog ang mga iminumungkahing pinal na pag-amyenda sa Lupon ng Mga Direktor para sa pagsasaalang-alang sa huling bahagi ng taong ito.